Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION
Wangal, La Trinidad, Benguet

RELEASED
DEC 16 2019
DEPED-CAR

Disyembre 13, 2019

PANREHIYONG MEMORANDUM
Blg. 456 , s. 2019

TIMPALAK SA PAGSULAT NG SANAYSAY

Sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay
Pandibisyong Tagamasid ng Filipino
Pinuno ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya
Lahat ng Kinauukulan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon ay ipinapaalam sa lahat ng mga Dibisyon ang isasagawang **Timpalak Jacinto sa Sanaysay 2020** para sa mga kabataang mananaysay.

2. Ang layunin ng patimpalak na ito ay mailahad ang kasaysayan ng sariling lugar o probinsiya sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay at mahikayat ang mga kabataang Piipino na makiisa sa pagpapahalaga sa wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng patimpalak na ito.

3. Ang maaaring sumali sa patimpalak ay mga mag-aaral na nasa Baitang 7 hanggang 11. Ang dedlayn ay sa ika-31 ng Enero 2020. Ang paksang susulatin ay ang kasaysayan ng kanilang lugar o probinsya.

4. Para sa mga katanungan at paglilinaw, maaaring makipag-ugnayan kay Bb. Christel Marie R.Castillo sa bilang na **09301474270** o mag-email sa kwf.timpalak@gmail.com.

5. Para sa patnubay ng patimpalak, pakibasa ang kalakip na pahina.

6. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

MAY B. ECLAR, PhD.,CESO V
Panrehiyong Direktor

TIMPALAK JACINTO SA SANAYSAY 2020

1. Ang Timpalak Jacinto sa Sanaysay ay isang timpalak sa pagsulat ng sanaysay para sa mga kabataang nasa baitang 7 hanggang 11.
2. Bilang pakikiisa sa tema ng Buwan ng Wika 2020, sa inyong sanaysay, ibahagi ang kasaysayan ng inyong lugar/probinsiya.
3. Kailangang nasusulat sa Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin salin mula sa ibang wika.
4. Kailangang sumusunod ang paraan ng pagsulat nito sa mga tuntuning nakasaad sa KWF Ortograpiyang Pambansa at Manwal sa Masinop na Pagsulat.
5. Para sa paglahok, kinakailangang isumite ang sumusunod:
6. apat (4) na kopyang makinilyado o kompiyuterisado ng lahok (Font 12, Arial), word count na 1,000 salita, may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid na nakaimprenta sa short bond paper na may laking 8 ½ x 11 pulgada.
7. Kinakailangang magtataglay lamang ng sagisag-panulat (pen name) ang ipinadalang entri at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok.
8. entri form (maaaring i-download dito)
   - 2x2 retrato ng kalahok
   - Photocopy ng kasalukuyang school ID o Certificate of Enrollment
   - Sertipikasyon mula sa puno ng barangay para sa out-of-school-youth
   - Pormularyo ng Pahintulot ng Magulang (maaaring i-download dito)
9. Ang lahok ay maaaring dalhin nang personal o ipadala sa koreo sa:

Lupon sa Timpalak Jacinto sa Sanaysay 2020
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

10. Ang huling araw ng pagsusumite ng lahok ay sa **31 ENERO 2020, Snh.** Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.
11. Magpapadala ang KWF ng mensahe (text) kung natanggap na ang lahok. Kalakip din nito ang gagamiting entri code at link ng online form para sa registry ng mga kalahok. Bukas ang online registry hanggang **6 PEBRERO 2020, Snh** lamang.
12. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

    una, PHP20,000.00, medalya, at plake;
    pangalawa, PHP15,000.00 at sertipiko;
    pangatlo, PHP10,000.00 at sertipiko.

    Bibigyan din ng Sertipiko ng Pagkilala ang tagapayo ng estudyanteng magwawagi.

13. Ang pasiya ng Lupon ng inampalan ay pinal at hindi na mababago.
14. Hindi pananagutan ang sinumang mahuhuli ng paglahok. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
15. Para sa karagdagang detalye tumawag sa telepono blg. (632) 736-2519 o mag-email sa kwf.timpalak@gmail.com.

Timpalak Jacinto sa Sanaysay 2020

SAGISAG-PANULAT:	PAMAGAT ng LAHOK:
KONTAK:	LAGDA:

Pormularyo ng Pahintulot ng Magulang

Timpalak Jacinto sa Sanaysay

Pinatutunayan nito na binibigyan ko ng pahintulot ang aking anak na si _____ na nag-aaral sa _____, baitang _____, na sumali sa Timpalak Jacinto sa Sanaysay 2020, isang timpalak sa pagsusulat ng sanaysay ng Komisyon sa Wikang Filipino.

_____

nakalimbag na pangalan at lagda ng magulang

_____

petsa ng pagsumite

Gusaling Wilson, 1610 Kalye Jose P. Laurel, Malacañang, San Miguel, Maynila
8736-2519 | 0930-167-2760 | www.kwf.gov.ph | kwf.timpalak@gmail.com